# Precious’ pride: QC University

Bandera · 3 Oct 2019 · 5

BAGO naging kongresista, si Precious Hipolito-Castelo ay siyam na taong naging konsehal ng Quezon City.



Nang tanungin ng Bandera kung ano sa kanyang nagawa bilang miyembro ng konseho ng lungsod na talagang maipagmamalaki niya, anya ito ay nang maipatayo ang Quezon City University.

“Iniyakan ko rin yan,” ani Castelo na ang unang iniyakan ay ang paghihirap ng may 2,000 pamilya na nawalan ng hanapbuhay nang isara ang Payatas dumpsite.

“Sabi nga nila ‘ano ka ba artistahin ka talaga hanggang ngayon’ hindi ko mapigilan (na maiyak).”

Ang pagtatayo ng Quezon City University ang isa sa unang panukala na inihain ng kongresista noong siya ay konsehal pa lamang.

“It took me nine years din. Soyun yung pinaka-unang panukalang batas, ordinansa na aming inihain sa tulong ni (then) Cong. Winnie Castelo na magkaroon tayo ng QCU.”

Ikinagulat umano ito ng marami dahil sa pagaakalang mayaman ang lungsod at sa kabila ng laki nito ay wala itong sariling unibersidad para sa kanyang mamamayan.

“Andami ngang nagulat, ‘bakit wala pa bang Pamantasan ng Lungsod ng Quezon, they were surprised. Sabi ko ang ibang lungsod merong dalawa, tatlo ang iba, Makati, Manila, sabi ko its about time dito naman sa amin.”

Bagamat mayroon ng sangay ng Polytechnic University of the Philippines sa lungsod, sinabi ni Castelo na “by definition of law ang Polytechnic hindi kumpleto ang mga kurso hindi siya full pledged na unibersidad. So this time we work hard for it and finally with the help of then Mayor Herbert Bautista, Vice Mayor Joy Belmonte at that time naipasa naman at naaprubahan, dumaan din tayo sa butas ng karayom.”

Payatas 2000

Isang bagay na hindi rin anya makakalimutan bilang konsehal ay nang ipaglaban ang may 2,000 pamilya ng Payatas ang tinanggalan ng kabuhayan dahil sa pagsasara ng Payatas dumpsite.

“Nung nagbigay ako ng privilege speech sa council ah on behalf of Payatas, baka maiyak nanaman ako, tungkol sa pagsasara ng landfill. More than 2,000 families ang nawalan ng kabuhayan, very abrupt yung pagsasara ng landfill.

" Most memorable up until now kasi syempre naramdaman ko yung hirap nila... I know suntok sa buwan siya, so we try to convince DENR, the local government, the national

government na bigyan muna ng palugid, at least man lang 30 days para sa livelihood ng mga tao ng almost 2,000 na nawalan ng trabaho, kasi sila mga mangangalaykay, kooperatiba so may mga levels yan lahat yun nawalan ng kabuhayan because DENR found it na hindi dapat mag-operate at sinarado ang Payatas dumpsite."

Ang masaklap hindi rin siya pinagbigyan at agadagad na naisara ang dumpsite.

Congress now

Halos wala umanong pinag-iba ang trabaho bilang konsehal at kongresista.

"Parehas naman. Yun nga lang ito, sa Congress bigger ang responsibility at medyo level up na tayo, pangkalahatan na, pangnational na, broader spectrum basically same din siya, masasabi kong parehas lang."

Tinututukan ni Castelo sa Kamara ang pagpasa ng mga panukala na may kaugnayan sa pagpapaluwag ng daloy ng trapiko, pagtulong sa mga mahihirap, kalusugan, edukasyon at pabahay. —Leifbilly Begas